

Translation and cultural analysis of the epic “Datu Somangga and Bubu of Huamianun” of Francisco I. Alzina

Amat, Aldwin B. ✉

Leyte Normal University, Philippines (aldwinamat777@gmail.com)

Received: 1 September 2020

Available Online: 1 November 2020

Revised: 1 October 2020

DOI: 10.5861/ijrse.2020.5901

Accepted: 25 October 2020

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

This study aims to translate into Waray language the epic of Francisco I. Alzina which was written in English, titled, Datu Somangga and Bubu of Huamianum. Part of this study is also to analyze the cultural terms and values found in the translated epic. Content analysis was used as the research design by the researcher. The reactors of the study used the rubric in translation by the Department of Education. Based on the results of the study, the epic was translated into Waray language and the basic rules and principles of translation were applied. In terms of the cultural values, the high regard on women was very evident when it comes to the process of courtship by men, the bravery and determination of a man to win a woman's heart, and giving high value on a Waray woman's dignity. There are also cultural terms found in the epic which is reflected in the current lives of the Waraynon such as *buyo*, *apog*, *bunga*, *pangaiiao*, *agta*, and *balangay*. However, there are cultural terms which are also considered as old terms but are still reflected in the lives of Waraynon such as *pinanta*, *pugul*, *binocot*, *bubu*, and *sombol*. Based on the results of the study, it is recommended to conduct fundamental steps on translating local and regional literature written in English, to be fully understood by the Waraynon and can be used in teaching MTB-MLE courses/subjects.

Keywords: epic; translation; analysis; values; cultural terms

Translation and cultural analysis of the epic “Datu Somangga and Bubu of Huamianun” of Francisco I. Alzina

1. Introduksyon

Ang mga tao sa Silangang Visayas tulad sa ibang rehiyon ng Pilipinas ay may natatagong yamang kultural na nagbigay ng pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Isa na sa yamang ito ay ang mga akdang pampanitikang Leynete-Samarnon na isinulat ng mga katutubong manunulat ng rehiyon VIII. Magkagayunpaman, ang mga ito ay nasusulat lamang sa wikang Ingles nang dahil na rin sa kakulangan ng kamalayan at oryentasyong lokal ng mga akdang pampanitikan. Bunga nito, ay patuloy pa rin tayong nanghihiram at tumatangkilik ng mga babasahin mula sa ibang rehiyon ng Pilipinas.

Kung kaya, ipinagtibay ng Kagawaran ng Edukasyon Atas Bilang 74, Serye 2009 ang paggamit ng mother tongue sa pagtuturo batay sa Multilingual Education, na kung saan isinaad dito na ang lahat ng mga panlalawigang direktor at superintendente ay hinihikayat na palawakin at paunlarin ang pagpapatupad ng sistemang “Multilingual Education” sa ilalim ng programang “ School-Based Management” sa pamamagitan ng pagsuporta ng mga lokal na pamahalaan sa pagbuo ng mga tiyak na plano para sa pangangasiwa at pagtataguyod nito. Ipinatupad din dito ang malawakang pagsasanay para sa mga guro na maging bihasa sa pagtuturo sa mga mag-aaral na nagsisimula pa lamang mag-aral sa elementarya gamit ang vernakular. Binigyang-pansin din dito ang pagpapalimbag ng mga babasahing vernakular, mga gawaing pagsasanay ng mga mag-aaral at iba pang kagamitang panturo. Mahigpit na ipinatupad ang batas na ito pagkaraan ng tatlong taon nang puspusang pagsusuri at ebalwasyon para sa malawakang pag-aaral.

Ang ibang manunulat at ang mga pantas ng karunungan ay nagsagawa rin ng pag-aaral kung paano ipakilala at ipasok sa pananaw at damdamin ng mga mag-aaral na tayo ay may pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Ganoon din sa pag-aaral na ito, ang tungkol sa pagpapayaman ng mga akdang lokal sa pamamagitan ng pagsasalin, na kung saan ay isinalin sa wikang Leynete-Samarnon ang isang babasahing nasusulat sa Ingles na ang nilalaman ay tungkol sa kulturang Winaray. Mahalagang maisalain at masuri ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa epiko upang maunawaan ito ng mga Waraynon at maipasa sa susunod na henerasyon ang karunungang yaman ng panitikang lokal.

Sa aklat ni Villafuerte et al. (2006), nabanggit ni F. Sionil mula sa kanyang pag-aaral na ang panitikang Tagalog, Cebuano at Ilokano ay patuloy na lumalago at ang mga manunulat nito ay lalong dumami dahil sa naging bihasa na sila sa paggamit ng mga wikang ito. Ilan sa mga akdang nasusulat sa ilang wika tulad ng Pampango at Pangasinan ay unti-unti na ring naglalaho.

Hindi man binanggit dito ang wikang Winaray kundi ang mga wikang Pampango at Pangasinan ay iniuudyok tayong mga Waraynon na gumawa ng sariling hakbang upang pagyamanin ang mga akdang lokal. Kaugnay nito ay ang pagsasalin sa mga akdang nasusulat sa Ingles na ang nilalaman ay kulturang Winaray upang masalamin ang ating pinagmulan at gumawa ng mga hakbang upang ipakilala at ituro ng mga guro ang mga ito sa kanilang mga mag-aaral. Malaking hamon ang talumpati ni Carlos P. Garcia sa Kumbensyon ng Samahan ng mga Guro sa Pilipinas, na ayon sa kanya ang ating mga guro ay dapat tumingin-pasulong, siyasin ang kaluluwa ng mga Pilipino at hanapin ang pinakamabuting bunga ng ating kultura, kung saan doon ibabatay ang ituturo sa mga mag-aaral. Ang mga namanang mabubuting pag-uugali tulad ng pagkakaisa ng pamilyang Pilipino, paggalang sa batas at kautusan, kagandahang-loob gaya ng kabayanihan ay dapat ipasok sa kurikulum at bumuo ng mga kagamitang panturo.

Talagang napakahirap bumuo ng mga kagamitang panturo lalo na kung ang pagsasalin sa mga akdang Leynete-Samarnon ang pag-uusapan. Subalit, ito lamang ang paraan upang ipamalalas at ipaunawa sa mga bata na

mayaman ang kulturang Pilipino tulad ng mga akdang pampanitikan na nagbubunsod sa atin upang magkaroon tayo ng pagkakakilanlan. Ganito ang nais iparating sa mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa wika at panitikan na sa pagsasaling-wika, ang kakulangan ng kaalaman sa kultura (cultural translation) ay hindi gaanong mabigat na problema, kundi kung paano natin unawain at tanggapin ang mga naisaling akda upang maging kapaki-pakinabang at katanggap-tanggap ang kulturang ating pinagmulan (Ok, 2003). Ayon pa sa kanya, kung ang mga wikain ay nagsisilbing daan para sa pagkakakilanlan ng ating kultura ay dapat matanto ng mga mag-aaral na ang mga aklat at iba pang mga babasahin ay nagsisilbing tulay upang makapag-ambag ng kaalaman para sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa kulturang kanilang pinagmulan.

Ito ay nagsilbing patunay lamang na tayong mga Waraynon ay dapat gumawa ng hakbang upang mapagyaman ang panitikang lokal ar rehiyonal. Kung ang mga ito ay nasusulat man sa wikang Ingles dapat lamang gumawa tayo ng paraan upang ito'y maisalin sa wikang rehiyonal at bumuo ng kagamitang panturo na sasalamin sa kabataan Pilipino na mayaman tayo sa mga akdang pampanitikan. Binanggit sa pag-aaral ni Tupaz (2001) na,

Ang pagsasalin sa wikang Filipino ng mga orihinal na nakasulat at `di nakasulat ng mga literatura`y isa sa mga hakbang tungo sa pagpapayaman ng mga kagamitan sa pagtuturo, gayunpaman ay magiging bahagi ng kulturang- mana ng ating lahi.

Kaugnay nito, ang pagsasalin at pagsusuring kultural ng epikong Winaray na nasusulat sa Ingles ay tugon upang mapagyaman ang panitikang lokal sa pamamagitan na rin ng pagbuo ng kagamitang panturo upang magamit sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal.

May mga batas at ilang programa ng pamahalaan na nagtataguyod sa preserbasyon at pagpapayaman ng panitikang lokal tulad na lamang Memorandum Pansangay Blg. 142, Serye 1999, na humingi ng kooperasyon sa mga kinauukulang larangan na magsumite ng talaan ng mga salitang Leynete-Samarnon na may katangiang kultural sa iba't ibang lugar ng Leyte.

Isinaad din sa Republic Act No. 7356 nabuo ang National Commission for Culture and the Arts (NCAA) na may mandatong maitaguyod at maprotektahan ang makasaysayang kultura at pamana ng bansa. Samakatuwid, ipinaabot nito ang pagpapayaman ng panitikang lokal sa pamamagitan ng paglilikom, pagsasalin at gawaing pagsusuri bilang bahagi ng kulturang Pilipino. Sa batas na ito, matutugunan ang misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na nakasaad sa Akta Republika 10533 o ang Pinaunlad na Pangunahing Edukasyon 2013 ang lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng mga aralin sa pagtuturo nakapaloob sa Sekyon 10.2:

The DepEd shall adhere to the following standards and principles, when appropriate in developing the enhanced basic education curriculum. (d) The curriculum shall have contextualized and global and (h) The curriculum shall be flexible enough to enable and allow schools to localize, indigenize and enhance the same base on their respective educational and social context.

Isang panawagan ito sa mga bumabalangkas ng kurikulum kasama na ang mga guro na gumawa ng hakbang na bumuo ng kagamitang panturo mula sa kani-kanilang lugar upang matugunan ang kahingian ng kurikulum. Kaugnay nito, mahalagang mapayaman ang panitikang rehiyonal sa pamamagitan ng pagsalin at pagsusuring kultural ng epiko ni Francisco I. Alzina sapagkat wala pang naitalang epiko sa Rehiyon VIII na nasusulat sa wikang Winaray. Nakalulungkot din na karamihan ng mga guro at mag-aaral sa Leyte at Samar ay hindi nakakaalam sa epikong ito kundi ang epikong nababasa lamang sa mga lumang aklat ng Panitikan katulad ng Lam-ang, Ibalong at iba pa. Kaya minabuti sa pag-aaral na ito na isalin sa Winaray ang epikong ito upang malaman ng mga mag-aaral na may epiko ang Silangang Visayas at mabatid din nila ang mga pagpapahalagang kultural na naglalarawan sa katangian ng mga Waraynon.

1.1 Layunin ng pag-aaral

Nagsilbi bilang mga tiyak na layunin sa pag-aaral ang sumusunod:

- Masuri ang isinagawang salin sa Winaray ng epikong “Datu Somangga and Bubu of Huamianun” ni Franciso I. Alzina.
- Masuri ang mga pagpapahalagang kultural at mga salitang kultural mula sa isinaling epiko.

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng desinyong deskriptibong-kwalitatibo sapagkat dito inilapat ang pagsusuri sa isinagawang salin ng epikong Leyte-Samar na pinamagatang “Datong Somangga and Bubu of Huamianun” ni Francisco I. Alzina. Naging batayan sa paglikom ng akda ang sumusunod: (a) natatanging epiko ng Silangang Visayas na nasusulat sa Ingles na kakikitaan ng mayamang kultura ng Waraynon (b) mga salitang kultural na nakapaloob sa epiko at (c) pag-uugali ng mga Waraynon na makikita sa epiko. Nabibilang din sa pag-aaral na ito ng indehinus na pamamaraan sapagkat tinalakay sa pagsusuri ang mga simbolo, kaugalian, katangian at iba pang saklaw ng kulturang `di materyal. Nasa purposive ang paraan sa pagkapalap ng akda sa dahilang hindi pamilyar sa mga Waraynong mag-aaral ang epikong ito at kakikitaan din ito mayamang simbolong kultural tulad ng *apog*, *buyo*, *bunga* at iba pa na makikita sa pamumuhay ng mga Waraynon.

Sa gawaing pagsasalin, isinagawa ang unang pagbasa ng salin upang makuha ang pangkalahatang kaisipan, diwa at mensahe, paulit-ulit itong binasa upang lubos itong maunawaan ng tagasalin. Itinala ang mga salitang kultural, mga pahayag, idyomatiko at kauring pahayag. Isinagawa ang salin, pinanatili ang mga salitang kultural at inilarawan ang kahulugan nito. Inirebisa ang unang burador at pagkatapos ng isang linggo ay ipinasuri ito sa dalawang eksperto sa wikang Ingles at Waray gamit ang rubric sa pagsasalin ng *certificate program for non-specialized in Filipino ng DepEd ng Leyte Normal University* sa loob ng isang linggo ay kinuha ito sa kanila upang maayos ang mga suhestiyon at puna sa salin. Muling inirebisa ang isinaling epiko at ipinasuri uli sa dalawang eksperto, sinunod ng tagasalin ang ilang puna at suhestiyon ng mga ekspersto at muling ipinasuri uli sa kanila. Sa pagsasapino ng salin ay muling ipinasuri ito sa mga eksperto, sa huling yugto ng pagsasalin ay nasunod ng tagasalin ang ilang puna at suhestiyon ng mga eksperto. Pagkatapos naisapino ang salin ay sinuri ang mga salitang kultural at pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa isinaling epiko. Ibinatay sa pagsusuring kultural ang pitong pangunahing pagpapahalagang pagpapakatao ng DepEd. Values Education Program (VEP) of 1997. Sinuri ito batay sa dimensyong pisikal, espirituwal, intelektuwal, politikal, sosyal, moral, at ekonomik.

3. Mga resulta at diskusyon ng pag-aaral

Talahanayan 1

Unang reaksyon ng mga eksperto sa wikang Waray at Ingles

Kraytirya	Mean	Pagpapakahulugan
50% ng kaisipan at diwa ng orihinal na akda ay naisalin sa patutunguhang wika	5.00	lubos na sumasang-ayon
Nagamit ang iilang tuntuning panggramatika ng pinagsasalinang wika	3.50	pag-aalinlangan
Walang gaanong kaisahan, kawastuhan, at ugnayan ang bawat pangungusap at talata	4.00	sumasang-ayon
Kabuonan	4.13	sumasang-ayon

Tala. Rubrik ng pagsasaling-wika ng certificate program for non-specialized in Filipino ng Department of Education (Leyte Normal University, 2008).

Mula sa talahanayan nabatid ang naging resulta sa isinagawang unang pagbasa at pagsusuri ng salin ng dalawang eksperto sa wikang Ingles at Waray na nagsilbing reaktor sa isinaling epiko. Lumabas mula sa kanilang matiyagang pagsusuri at pamumuna na ang nilalaman at diwa ng salin ay naisalin lamang sa

limampung bahagdan (50%) mula sa orihinal na wika (Ingles) patungo sa target na wika (Waray) kung kaya kapwa nila itong lubos na sinang-ayunan para sa pagsasaayos ng diwa at nilalaman sa isinaling epiko. Nakita rin ng unang reaktor na nagamit lamang ang iilang tuntuning panggramatika ng pinagsasalinang wika kaya siya lubos na sumasang-ayon. Ganoon din ang pangalawang reaktor, na kung saan ay nagkaroon ng alinlangan sa lahat ng mga tuntuning panggramatika na ginamit ng tagasalin sapagkat ayon sa kanya ay wala pang standard na pag-aaral sa ortograpiyang Winaray. Lumabas din sa pagsusuri na sumang-ayon ang unang reaktor na wala pang gaanong kaisahan, kawastuhan ang ugnayan ng mga pangungusap at talata kung kaya nagbigay pa siya ng mga payo kung paano mapabuti ang salin. May alinlangan din ang pangalawang reaktor sa ugnayan ng bawat pangungusap at talata sa isinaling epiko sapagkat hindi nagkatugma sa orihinal na talata ang pagkakahayan ng mga talata sa isinagawang salin kung kaya napag-isipan ng pag-aaral na ito na isaalang-alang pa ito para sa pangalawang pagsusuri ng salin sa tulong na rin ng mga reaksyon at suhestyon ng mga reaktor.

Talahanayan 2

Ikalawang reaksyon ng mga eksperto sa wikang Waray at Ingles

Kraytirya	Mean	Pagpapakahulugan
75% ng kaisipan at diwa ng orihinal na akda ay naisalin sa patutunguhang wika	5.00	lubos na sumasang-ayon
Nagamit ang nakararaming tuntuning panggramatika ng pinagsasalinang wika	5.00	lubos na sumasang-ayon
May kaisahan, kawastuhan, at ugnayan ang bawat pangungusap at talata	5.00	lubos na sumasang-ayon
Kabuoan	5.00	lubos na sumasang-ayon

Tala. Rubrik ng pagsasaling-wika ng certificate program for non-specialized in Filipino ng Department of Education (Leyte Normal University, 2008).

Makikita sa talahanayan ang isinagawang pangalawang suri at basa ng salin ng dalawang eksperto sa wikang Ingles at Waray. Dito isinaayos nila ang mga kahinaan at kamalian ng salin mula sa naunanag pagsasagawa ng pagsusuri sa parehong reaktor. Mula sa kanilang pagbabasa at pamumuna ay napansin ng dalawang reaktor na nagkaroon na ito ng pagbabago mula sa limampung porsyento (50%) ng mga kaisipan at diwa ng orihinal na akda ay naisalin na ito sa patunguhang wika ng pitumpo at limang porsyentong pagababago (75%) kung kaya napagkasunduan ng dalawang reaktor na lubusang sumang-ayon para sa mga nilalaman at diwa ng salin. Sa gramatika naman ay kapwa lubos na sumang-ayon ang dalawa na nagamit na ang nakararaming tuntuning panggramatika ng pinagsalinang wika. Lubos din na sumang-ayon ang dalawang reaktor na nasunod na ng tagasalin ang kanilang mga puna para sa kaisahan, kawastuhan, at ugnayan ng bawat pangungusap at talata para sa naisaling epiko. Magkaganoon paman ay hindi pa rin maiiwasang magbigay ng kaunting puna ang dalawang reaktor. Kaya napagdesisyunan na pag-aaral na ito at ganoon din ng mga manunuri na idaan pa ito para sa pagsasapino ng salin dahil na rin sa kaunting kamalian gaya ng paglalagay ng tuldik para mabigkas nang wasto sa Waray, maging ang kaunting kamalian sa ispelang dahil sa tipograpikal na pagkakamali.

Talahanayan 3

Huling yugto sa pagbasa ng mga eksperto sa wikang Waray at Ingles

Kraytirya	Mean	Pagpapakahulugan
Lahat o 100% ng kaisipan at diwa ng orihinal na akda ay naisalin sa patutunguhang wika	5.00	lubos na sumasang-ayon
Nagamit ang lahat ng tuntuning panggramatika ng pinagsalinang wika	5.00	lubos na sumasang-ayon
May ganap na kaisahan, kawastuhan, at ugnayan ng bawat pangungusap at talata	5.00	lubos na sumasang-ayon
Kabuoan	5.00	lubos na sumasang-ayon

Tala. Rubrik ng pagsasaling-wika ng certificate program for non-specialized in Filipino ng Department of Education (Leyte Normal University, 2008).

Ang talahanayan na ito ay huling yugto sa isinagawang salin, sa yugtong ito dumaan ng pagsasapino at pagsasapinal ng salin. Ang mga kaunting kamalian sa isinaling epiko ay dapat maayos para sa panghuling

gawain ng pagsasaayos ng salin. Mula sa naisapinong salin ay nakita ng dalawang reaktor na ang lahat ng kaisipan at diwa ng orihinal na akda ay naisalin na nang mabuti sa patunguhang wika. Kaya kapwa sila lubos na sumang-ayon dito. Napansin din ng mga reaktor na ang lahat ng mga tuntuning panggramatika ay nasunod na ng mananalin kaya lubos nila itong sinang-ayunan. Ang pagkakasunod-sunod o organisasyon ng salin ay kapwa nasuri na rin ng mga reaktor kung kaya ay lubos nilang sinang-ayunan na nagkaroon na ito nang ganap na kaisahan, kawastuhan, at ugnayan ng ng mga pangungusap at talata sa naisaling epiko.

Talahanayan 4

Mga pagpapahalagang kultural sa epikong Datong Somangga at Babu of Huamianon

Mga Pangyayari sa Epiko na Sumisimbulo sa Kulturang Waraynon	Dimensyong Kultural	Pagpapahalagang Kultural
May isang <i>binocot</i> (prinsesa) na <i>Huamianon</i> (tawag sa taong nakatira sa isla na matatagpuan sa Silangang Visayas) may magandang reputasyon at pinakatanyag sa lahat ng magaganda sa islang iyon. Nakatira siya sa isang bahay na saradong-sarado kaya hindi siya malapitan upang kausapin. Maihahalintulad siya sa isang araw na kapag sumikat ang lahat ay makakaalam.	Dimensyong Politikal	Mataas na pagkilala at pagpapahalaga sa kapangyarihan at kakayahan ng kababaihan.
Nagsimula ang kwento ng epiko sa panghaharana ng Datu sa isang tanyag na prinsesang nakatira sa isla ng <i>Huamianon</i> . Isang kaugalian sa panliligaw ay ang humingi ng pahintulot sa panghaharana at ang magpakilala sa prinsesa. Para sa mga taga-Isla, itinuturing na kabastusan at insulto sa babae ang hindi pagsunod ditto.	Dimensyong Sosyal	Noon pa man ay bahagi na ng kulturang Pilipino ang panghaharana na makikita mismo sa epiko. Sa kasalukuyan, mahigpit na pinaalalahanan ng mga magulang ang kanilang anak na dalaga na kung liligawan sila ng lalaki ay dapat sa bahay nila upang hindi siya mabastos.
Upang matupad ang hangarin ng Datu na mapangasawa ang prinsesa ay agad niyang sinunod ang mga hamon nito, katulad na lamang na manguha na mga <i>buyô</i> , <i>apog</i> , <i>goma</i> , <i>bunga</i> , daang-daang bihag sa pakikidigma mula sa mga isla ng Mindanao at kaharian ng Tsina, upang ihandog sa dalaga at pagpunta sa <i>ginduutan sa langit</i> (sulok ng langit at lupa) upang kunin ang mga ilaw ng kidlat.	Dimensyong Sosyal	Ipinapakita dito na ang mga Waraynon ay matapang sa mga hamon sa buhay. Katulad na lamang sa mga pakikidigmang pinagdaanan ng Datu. Larawan ng tunay na lalaking Waraynon ang pagiging matapang at determinasyon na makamit ang kanyang mithi para sa kanyang minamahal.
Ang pinagkakatiwalaang <i>agta</i> (ita) ang naging mensahero ng Datu kung ano ang mga pagsubok sa panliligaw na ipinagagawa ng prinsesa para sa datu. Inilahad sa epiko na ang <i>pangaiao</i> o pakikidigma ng Datu upang manghuli ng bihag para sa prinsesa ay katulong ang kanyang nasasakupang ita hanggang Gran China, ang sakayang pandagat ay tinatawag na <i>balangay</i> , ito ay binubuo ng Datu, katiwalang ita at mga mandirigma.	Dimensyong politikal	Sa sistemang politikal, noon pa man ay may herarkiyang bumubuo sa lipunan: Ang datu, katiwalang agta ng datu, katulong at mga mandirigma.
Ang <i>sombol</i> ay malaking balahibong inilalagay sa dulo ng sakayan, palamuti itong inilalagay bilang simbolo ng tagumpay na nagawa ng Datu lahat ng pagsubok ng prinsesa.	Dimensyong sosyal	Sa kulturang Pilipino, ang paghihintay ng magkasintahan na makapagtapos ng pag-aaral bago mag-asawa ay itinuturing nilang tagumpay na lahat ng mga pagsubok sa buhay ay kanilang nalampasan. Nakita sa istorya na ang mga palamuti tulad ng <i>sombol</i> ay sumisimbulo sa diploma, <i>degre</i> muna bago asawa.
Nang magawa ng Datu lahat ng ipinag-utos ng prinsesa na manguha ng <i>buyô</i> , mga taong bihag, maliban na lamang sa mga ilaw ng kidlat sa sulok ng langit ay nabahala siya baka sugurin siya ng Datu at alisin sa kanyang ulo ang <i>bangoloy</i> o <i>pinanta</i> (hindi totoong buhok na isinusuot noon ng kababaihan upang madagdagan ang kanilang ganda). Malaking insulto para sa prinsesa kapag matanggal ito ng kanilang katunggali, isang kabastusan at malaking kahihyanan ito sa kanya.	Dimensyong pisikal Dimensyong Politikal	Pananalig sa kagandahang pisikal. Pangangalaga sa reputasyon ng pagkababae.
Nang malaman ng prinsesa na natupad ng Datu lahat ng kanyang hamon ay umiyak ito at inihanda niya ginto bilang <i>pugol</i> o tanda ng kanyang pakikipag-isang dibdib sa asawa at sila ay namuhay nang maligaya at marangya dahil sa kanilang kayamanan.	Dimensyong Sosyal	Ang pugol o tanda ng kasal sa epiko ay inilalarawan sa kontekstog Pilipino ang <i>dore</i> o mga regalong inihandog ng lalaki sa babae. Sa epiko, ang <i>dore</i> ng lalaki ay daang-daang bihag na inihandog niya sa prinsesa. Bilang kapalit sa kanyang sakripisyo ay inihanda ng prinsesa ang mga ginto para sa kanilang pag-iisang dibdib.

Dimensyong Ekonomiko

May ilang lalawigan sa Pilipinas na kaugalian pa rin ang *dore* na hinihingi ng mga magulang ng babae sa lalaki. Kung gaano kahalaga at kamahal ang kanilang anak na babae ay ganoon din ang halagang katumbas ng *dore*. Sa kasalukuyan, mas pinipili ng mga magulang ng babae na may pinag-aralan ang lalaki upang mabigyan ng kinabukasan ang babae.

Mula sa isinaling epiko ay mababatid ang mayaman na pagpapahalagang kultural sa panliligaw ng Datu sa *bubu* o *binocot* (prinsesa). Nabibilang sa dimensyong sosyal ang ilan sa mga kaugalian na naging bahagi na sa kulturang Pilipino tulad sa paghingi ng pahintulot sa dalaga bago umakyat-ligaw ang binata, inilarawan sa epiko ang tamang asal sa pagpapakilala ng Datu sa dalaga bago siya mangharana. Nabibilang din sa konseptong Pilipino na ang panliligaw o panunuyo sa dalagang Pilipina ay dapat dumaan muna sa mga pagsubok ng dalaga bago masabing dalisay ang pagmamahal nito ng binata, mababatid sa epiko ang mahihirap na hamon ng prinsesa sa Datu tulad ng pananalakay ng mga bihag sa mga isla ng Mindanao, China at pagpunta sa kalangitan upang kunin ang mga ilaw ng kidlat.

Samantala nabibilang sa dimensyong politikal ang mataas na pagkilala at pagpapahalaga sa kapangyarihan at kakayahan ng kababaihan. Mababatid sa epiko na ang prinsesa ay parang *binocot* o inilayo sa karamihan na kung saan walang makakakita sa kanya maliban na lamang sa kanyang mga katiwala at katulong, inihambing ito sa araw na kapag sumikat ito, ang lahat ay makakakita sa kanya. Bukod sa kanyang pagiging tanyag at maganda, may angking talino din ang prinsesa kaya hinahangaan siya ng nakararami. May mga pangyayari rin sa epiko na nagpapakita ng herarkiyang pamamahala, tulad na lamang sa mga katiwala at katulong ng datu sa panliligaw sa prinsesa. Sa *pangaiiao* o pananalakay sa mga kalaban upang gawing bihag ng Datu upang ihandog sa prinsesa, lulan ang kanilang *balangay* (sakayang pandagat) sa paglalayag, ang *barangay* ay pinamumunuan na ng Datu, mga katiwala at katulong na *agta*. Nauugnay rin sa dimensyong ito ang pagsuot sa ulo ng *pinanta* o *tagabohok* (di totoong buhok), ang nagsusuot lamang nito ay ang taong nabibilang sa mataas na estado ng lipunan tulad na lamang sa prinsesa, mababatid sa epiko ang pagkatalo ng prinsesa sapagkat natupad lahat ng pagsubok na ipinagagawa niya sa Datu. Sa kanyang pagkabahala na baka alisin sa kanyang ulo ang *pinanta* lalo na’t napakalaking kahihyan at insulto ito para sa kanya ay inihanda niya ang ginto at ibinigay niya ito sa Datu bilang tanda ng kanyang pakikipag-isang dibdib. Ang pagsuot din ng *pinanta* ay nabibilang din sa dimensyong pisikal sapagkat makikita rito ang pananalig sa kagandahang pisikal ng prinsesa, ayon sa paglalarawan ni Alzina ang *pinanta* ay `di totoong buhok na nakapagdarag ganda sa babae.

Nabibilang naman sa dimensyong ekonomiko, ang mataas na *valyu* ng babaeng nabibilang sa mataas na estado sa lipunan kung ito ay pangangasawahin ng Datu. Makikita sa epiko na para mabihag ang puso ng prinsesa ay kinakailangan manguha ang Datu ng maraming *buyo*, *apog*, *bunga*, *goma*, mga bihag na kaaway mula sa iba-ibang isla ng Mindanao at Gran China, maging ang mga ilaw ng kulog at gawing handog para sa babae.

Talahanayan 5

Mga salitang kultural na nakita sa epiko

Mga Salitang Kultural	Kahulugan
<i>Agta</i>	Ang tawag sa taong pandak, maitim at kulot ang buhok, pinaniniwalaang sila ang unang taong nanirahan sa Pilipinas.
<i>Apog</i>	Dinikdik na sinunog na talukap ng susô, isa itong sangkap sa pagnganga. Sa epiko, ang mga <i>apog</i> , <i>buyô</i> , <i>bunga</i> at mga bihag ng Datu ang hinihingi ng <i>binocot</i> bilang kapalit sa pagpapakasal sa kanya.
<i>Balangay</i>	Ang tawag sa sakayang pandagat na ginagamit sa paglalayag ng mga Datu.
<i>Bangoloy</i> o <i>Pinanta</i>	Hindi totoong buhok, isinusuot ito noon ng kababaihan para madagdagan ang kanilang ganda. Malaking insulto ito sa prinsesa kapag matanggal ito sa kanilang ulo.
<i>Binocot</i>	Ang unang tawag sa prinsesa, inilalayo ito sa tao upang hindi ito makita.
<i>Bonga</i>	Lubi-lubi ang bunga nito ay maliit pa sa niyog, isinasangkap sa pagnganganga
<i>Bubu</i>	Ang tawag sa asawa ng Datu, tinatawag din itong principal. Mula ito sa salitang Cebuano. Sa Leyte, ang unang tawag nito ay <i>Buro</i> o <i>Ovu</i> . Sa epikong ito ang salitang “bubu” ay hindi ginamit, nangangahulugan ito na “prinsesa” ang angkop gamitin.

Talahanayan 5 ... pagtutulyo

Mga Salitang Kultural	Kahulugan
<i>Buyô</i>	Pinagsama-samang <i>bunga</i> at <i>apog</i> na binalot ng dahon ng <i>buyô</i> . Sa ibang lalawigan ang tawag nito ay <i>dalit</i> o <i>tilad</i> . Kung wala ang <i>buyô</i> ang <i>luba</i> ang pamalit nito.
<i>Goma</i>	Tatlong klaseng <i>bunga</i> ito, ang <i>apog</i> na binalot ng dahon at ang <i>dapon</i> na sangkap sa pangnganga. Noon, <i>goma</i> ang tawag nito ng mga Leyteño at Samareño sa Tagalog ay <i>sapa</i> minsan <i>upa</i> ang tawag nito ng mga Bisaya.
<i>Huamianun</i>	Ang taong nakatira sa <i>Huamianun</i> na makikita sa Silangang Visayas.
<i>Joangas</i>	Mula sa salitang Intsek na <i>chun</i> o <i>junco</i> na nangangahulugan maliit na sakayang pandagat na siyang ginagamit sa paglalayag sa buong Asya.
<i>Pangaiao</i>	Sa ibang salita sa Waray ay <i>gumubat</i> o <i>makig-away</i> . Sa Tagalog ay makipag-away.
<i>Pugul</i>	Palatandaan ng pakikipag-isang dibdib.
<i>Sombol</i>	Ang tawag sa malaking balahibo ng ibon na inilalagay sa unahan ng sakayang-pandagat, nakaarko ang porma nito, nakatutulong ito upang pabilisin ang paglalayag ng sakayan.

May mga salitang kultural na nakita sa epiko na nakaugat na sa kaugalian ng mga Waraynon tulad na lamang sa pagnganganga. Nabanggit sa epiko ang *buyô*, *bunga*, *apog* at *goma*, inilarawan ito bilang regalo ng datu sa prinsesa kapalit ang kanyang pakikipag-isang dibdib sa *binocot* o prinsesa. Sa Silangang Visayas, sa mga liblib na lugar, ang pagnganganga ay nakagawian na ng mga matatanda, pinaniniwalaan na ang pangunguya nito ay nakatutulong daw sa pagpapatibay ng ngipin. Nabanggit din sa epiko ang salitang *bangoloy* o *pinanta* o hindi totoong buhok na isinusuot ng prinsesa upang siya'y lalong gumanda. Sa kulturang Waraynon, ang salitang *bangoloy* ay katumbas sa salitang Ingles na *wig*, isinusuot ito sa ulo ng ilang Pilipino bilang palamuti o pandagdag-ganda lalo na sa mga taong hindi biniyayaan ng makapal na buhok.

May mga salitang kultural din na kumakatawan sa karaniwang pamumuhay ng mga Waraynon, katulad na lamang sa sakayang ginagamit sa pangingsda, inilalarawan sa epiko ang *balangay* o *Joangas* na ginagamit sa paglalayag ng Datu para *mangaiao*. Sa sistemang politikal ang *balangay* ay tumutukoy sa kumpol ng manlalayag na binubuo ng datu, katulong, katiwala at mandirigma. Kaugnay nito, ang salitang baranggay ay nag-ugat sa salitang *balanggay*, sa ngayon ay binubuo ito ng *kapitan*, mga lupon at mga residente ng baranggay.

Binanggit din sa epiko, ang katutubong *agta* o ita bilang katiwala, katulong at mandirigma ng Datu. Batay sa ilang talâ sa kasaysayan ng Pilipinas, ang *agta* ay itinuturing bilang *indigenous people* o mga unang tao na nakatira sa mga isla ng Pilipinas. Nakatatak na rin sa mga Waraynon ang pagiging matapang, napatunayan ito sa epiko tungkol sa kabayanihan at tagumpay na natamo ng Datu sa *pangaiao* o pakikidigma at panghuhuli ng mga kalaban para gawing bihag. Sa konteksto ng mga Waraynon, ang mga taga-Silangang Bisayas ay tunay na matapang hindi sa pakikidigma kundi sa mga pagsubok at hamon sa buhay.

Samantala, may mga salitang nagbago na ang anyo dahil sa hindi na ito ginagamit ng karamihan ngunit nananatili pa rin sa konteksto ng mga Waraynon katulad na lamang ng salitang *pugul* na katumbas na sa kasalukuyan na *dore*, *bangoloy* na katumbas sa *wig*, *binocot* na katumbas sa prinsesa.

4. Isinaling epiko

Datong Somangga and Bubu nga Huamianun

There was, says the singer, a *Principala* of a fine name and reputation on that island named *Bubu nga Huamianun*. She had the greatest reputation from among all those who were beautiful and who was also renowned for her intelligence among the noble ladies. She was so closely sheltered and enclosed in her privacy that no one ever saw her unless by remote chance. Her appearance was like the sun when it casts its first rays over the world and like a flash of light; the latter causing awe and respect, while the former, desire and happiness. A powerful *Principal* named *Datong Somangga* who was desirous of marrying her – the poem does not state whether he was of the same island or of another – arrived in person one day beneath her house and, making a song, called for the *Principala* without, however, going up. Among these people it is a sign of extreme rudeness to ascend without an invitation, and especially for such persons. He called her by her name and her

Hi Datu Somangga ngan an Prinsesa nga Huamianun

May-ada hadto, siring han magkaranta, usa nga prinsesa nga may pagkaharngdon an iya ngaran, nag-uukoy hiya ha usa nga isla nga an ngaran "Huamian," (Huamianun an tawag han tuminungnong hito nga isla sugad hit taga-Palo, it ngaran *Palon-on*, ngan it taga-Tacloban-*Taclobanon*). Kilala hiya kaupay ha mga maghusay ug han mga makinaadmanon hiton dida han mga labi ka harangdon nga mga kababayin-an. Duro hiya hin katinago han iya pag-ukoy nga waray gud nakakakita ha iya kundi ha panalagsa la nga higayon. An iya hulagway daw sugad han adlaw nga nasidlit ngan nahatag hit iya siyahan nga paglamrag ha kalibutan. Nakakatingala, nakakalukmay ug nakakalipay an iya kaanyag. Usa naman nga gamhanan nga datu, nga an ngaran hi Somangga, naghihingyap mangasawa ha iya (Waray igin-asoy hini nga susumaton kun ini nga datu taga dida hito nga isla o kun tagalain la nga dapit). Inmabut hiya tikang ha ganghaan ha panimalay han prinsesa ngan

other names given her because She of her beauty. She was disturbed by the voice and either truly angered or feigning anger for the lack of courtesy, she ordered a servant girl to inquire who he was- perhaps it was evening time. When she learned his name, she displayed greater irritation by asking why there might not be the customary courtesy; that is, why did he come in person and did he lack *Agta* to command and slaves to send. Per chance did he not have someone whom he could esteem as a son, and whom he might trust as true friend in order to carry / his wish or message/?

Immediately, without replying nor saying another word, the *Datu* was forced to return / from where he came/ - dismissed abruptly for the time being. He then picked out a black slave - here these are esteemed very highly and are of great value as close confidants and in whom he had great trust. He urged him to be his go- between and thereby requested the *buyos*. From the *Principala*, and not to return without them.

We have already described what *buyos* are and how they are offered in *bonu et in malo*, or as a sign of consent or love, whether good or evil. And so, the *Agta*, as the third party, carried his master, repeating the words of courtesy and praise, which customarily and extremely polite. She replied with She replied with the same courtesy stating that she did not have either the *bonga* to put on the *buyos* or the leaf with which to wrap them. The *bongas* which she used could be found there where the sun rose: the leaves in which she wrapped them could be found there where the sun sets. She did not give another word.

When the reply was received by the *Datu*, he immediately ordered his slaves to embark: some should go and search for the *bongas* toward the East; others should go and search for the leaves toward the West, just as the *Principala* had requested. The slaves, together with the one who carried the message, carried out the mission promptly. He, therefore, handed them to her and asked that she make the *buyos* for his lord. In response to this, the lady answered that prepare them because she lacks the third ingredient- lime, which is necessary for the *buyos* and that she has it available in a certain far-off and isolated island. Receiving this answer only, he departed.

The *Datu* then immediately ordered that they launch vessels and sail quickly to the spot indicated in search of the said lime. The slaves, carrying out their mission, returned with all haste and brought the lime. The gloom-ridden mediator took this promptly and speedily handed it over to the lady in behalf of his master, again requesting the *buyos*. The answer was that she is unable to make them until his master goes in person to *Tandag*, a town on the coast of *Caraga* and there make a *mangaiao* and that he hand over to her all whom he may capture there. Quickly he armed his *juangas* and *barangays* with all his fighting men and embarked for *Caraga*, a distance of about thirty-five or forty leagues to the pueblo of *Tandag*. He completed his raid and captured some 120 people. Even prior to returning to his house, he sent these captives to her with the same messenger and necessary guards so that they may hand them over to his *Binocot*. The mediator executed this task quickly and, in return, begged for the *buyos* for his master, who was returning greatly tired- out from the raid.

nagharana, gintawag niya an ngaran han prinsesa, kundi waray hiya umuswag. Kay didto ha ira dapit diri batasan an pagdayón kun diri ginsising anay, labi na hit sugad han iya kalugaringon nga pagkatawo. Nadisturbo hiya han boses han tawo nga nakadto ha gawas upod an pagkasina o pagkaaburido tungod hin kakulang hin pagtahod ha iya, ginsugo niya an iya kabulig nga babayi para panginanon kun hin-o nga tawo an nakakaarimutaw ha gawas hadi nga katutnga han kagab-ihon. Han paghibaro la niya han ngaran hini, nagpakita lugod hiya hin duro nga kauritón pinaagi hin pagpakiana kun kay ano hin diri niya pagsunod han mga maupay nga panggawi para ha iya ngan kun kay ano nga waray man hiya magmalahimó hin pagdaup ug pagtagád ha iya? Tungod ba kay nagkukulang hiya hin agta (maitom nga tawo nga kabulig) ngan mga uripon nga iya puydi matugunan? O bangin la waray niya anak nga lalaki nga iya matatapura sugad hin tinuod nga sangkay basi magdara han iya hingyap o mensahe.

